**PRESIDENT FERDINAND ROMUALDEZ MARCOS JR.'s**
**MEDIA INTERVIEW IN MALOLOS, BULACAN**
August 7, 2023

[00:00:01]
**PRESIDENT FERDINAND MARCOS JR.:** We have just finished the briefings first, in San Fernando and then now here, on the situation from the floods that were brought about, well, mostly by Egay, but also Falcon.

At tiningnan namin kung anong sitwasyon. Talagang malaki masyado ang tubig, lumalabas talaga iyong mga nagiging effect ng climate change. Epekto ng climate change.

Kailangan natin pag-aralan at maunawaan kung ano iyong maaari natin gawin, dahil mahirap labanan iyong weather, kailangan mag-adjust tayong lahat and we have to do many things.

But marami kaming mga strategies. Mabuti naman at mukha namang nagkakaunawaan both at the local level at saka sa national level tungkol sa mga maaaring gawin na proyekto para hindi na sana maulit ito, kung matapos natin iyong mga proposal na ganoon.

REPORTER: Magandang umaga po, Ginoong Pangulo.

**PRESIDENT MARCOS JR.:** Maganda umaga.

REPORTER: Iyon pong pagbaha namin dito po sa Bulacan ay dekada na po ang binilang ano po. Sa inyo pong panahon, ano po iyong long-term plan para po maibsan po iyong problema ng pagbaha dito po sa aming probinsya ng Bulacan at karatig lalawigan po ng Pampanga po at Bataan?

**PRESIDENT MARCOS JR.:** Iyong matagal ng pinaplano na maglalagay ng mga impounding project, na maglalagay ng --- kung saan iipon iyong tubig para hindi na bumaba sa ilog at hindi mapuno ang ilog kagaya ng nangyayari ngayon.

[00:01:33]
So iyon ang long-term na kailangan gawin. Matagal nang plano ito, hindi lang talaga na-implement pa, pero sisimulan na namin. Ang pinaka-simpleng solusyon diyan ay makapaglagay nga ng --- gagawa tayo ng mga pond na large-scale na ang pinag-uusapan. Hindi na iyong maliliit. Hindi na SWIP. SWIP, five, 10 hectares iyong SWIP, ito times 10. Siguro mga hanggang 200 hectares na malaki para pag-ipunan ng tubig hindi na bababa at bukod pa doon ay magagamit natin for irrigation, fresh water supply, kung ano man ang pangangailangan natin sa tubig.

So, ito'y buong plano, ito'y kasunod sa ating mga bagong pag-iisip na ang flood control ay hindi lamang flood control na. Ang flood control ay kasama dyan ang irrigation, sa supply ng irrigation na tubig para sa irigasyon. At kung minsan kung medyo mataas ang pinanggalingan ng tubig baka pwedeng lagyan ng power kaya't marami tayong mga iniisip na strategy para mabigyan naman, matugunan naman natin itong paulit-ulit na problemang ito.

SEC. CHELOY VELICARIA-GARAFIL: Thank you, Sir.

Melanie Valdoz, Radyo Pilipinas.

MS. MELANIE VALDOZ (RADYO PILIPINAS)**:** Hi, Sir.

Ano po ang gagawin nating solusyon sa NLEX sa Pampanga? Mayroon po iyong papataasin ang tulay sa NLEX San Simon at water impounding area po sa Candaba.

**PRESIDENT MARCOS JR.:** Iyong water impounding ay iyong matagal nang plano rin iyan na dadalhin iyong tubig sa Candaba swamp. Hindi naman ilulubog iyong buong Candaba swamp kung hindi doon lang sa --- maghahanap lang ng isang area doon kung saan pwedeng ilagay.

Iyong sa NLEX, ang naging problema sa NLEX, hindi iyong NLEX ang nagkaproblema, kung hindi nagkatubig talaga. Hindi naman nasira iyong NLEX. Kaya't ang gagawin, ang naging measurement ay tumaas ang tubig ng 0.7 meters, 700 centimeters. 0.7 meters na tumaas.

Kaya't itataas na ngayon iyong tulay na iyon, iyong NLEX ng 0.7 meters plus 4.5 meters para hindi na talaga maabot. So, bale lahat-lahat 5.2 meters ang itataas doon sa section na iyon ng NLEX.

SEC. GARAFIL: Sir, thank you.

[00:04:05]
Si Let Narciso of DZRH.

MS. LET NARCISO (DZRH): Good afternoon, Mr. President.

Parang kapareho lang din po nung tanong nila. Kasi Governor Fernando pushes for construction of a mega dike to solve the flooding problem. Pero sabi niyo nga po, matagal na rin itong mga plano. Ano na lang po iyong commitment ninyo na under your administration finally ay magagawa or masisimulan itong mga pagtatayo na ito?

**PRESIDENT MARCOS JR.:** Well, one of the first steps na ginawa natin diyan ay nagtayo tayo --- naglagay tayo ng Office of Water Resources Management, is the complete title, which is under the Office of the President.

At iyan ay nasa ilalim niyan ang management ng lahat ng tubig natin. Tubig natin na iinumin natin, tubig na pang irigasyon, tubig para sa iba't ibang bagay. Lahat ima-manage niyan para hindi na masyadong… Dahil nagbago talaga lahat.

Isa sa pinakamahirap na ipaliwanag dahil napakahirap, napakasakit pakinggan ay ito na, ganito na talaga ito, hindi tayo babalik. Dahil sa climate change, hindi na talaga tayo babalik sa dati. Iyong mga inaasahan nating mga wet season, dry season mukhang hindi na masyadong applicable iyan ngayon dahil nga sa climate change.

Tingnan na lang natin, sa ngayon, ngayong araw na ito tayo ay technically nasa ilalim --- we are in El Niño pero tingnan niyo naman iyong ulan, tingnan niyo iyong baha. Kaya't talagang hindi na natin ma-predict, hindi natin ma-forecast ang weather. Kaya't paghandaan na natin. And that's what the office of Water Resources Management is about. Bukod pa doon ay iyong nagtayo kami ng office na ganun dahil kailangan na kailangan nang pag-isipan, mag-plano at gumawa ng mga pag-aaral tungkol dito sa water management.

Ngunit ang talagang inaantay namin ay magkaroon ng Department of Water Resources Management na hindi pa naisasabatas pero naka-file na sa Senado at saka sa House na itatayo iyong Department of Water Resources Management.

Iyon ang mamamahala diyan sa lahat ng mga impounding project na ating pinag-usapan. Hindi lamang iyong mga impounding, pero lahat ng --- magbabago tayo. Marami tayong babaguhin. Hindi na tayo dapat kukuha ng tubig sa balon. Dapat kumukuha tayo ng tubig sa ilog. Dapat pag umuulan kinokolekta natin iyong tubig dahil hindi naman tuyo ang Pilipinas eh.

[00:07:03]
Pero nagtutuyot tayo dahil hindi tayo nag-iipon ng tubig. Kaya't iyan kailangan matuto na tayo at ganyan ang problema na hinaharap natin dito nga sa climate change.

SEC. GARAFIL: Thank you, Sir.

Last question from Ivan Mayrina, GMA 7.

MR. IVAN MAYRINA (GMA 7): Magandang tanghali ho.

Ano po ang magiging tugon ng pamahalaan sa pinakahuling insidente kung saan ang isang Chinese Coast Guard vessel ay binomba po ng tubig at pinigilan ang resupply mission sa Ayungin Shoal?

**PRESIDENT MARCOS JR.:** Well, the usual. Ang ating Secretary of Foreign Affairs ay pinuntahan si Ambassador Huang ngayong araw at nagdala ng isa pang note verbale kasama na ang mga picture, mga video kung anong mga pangyayari. At titingnan natin kung ano iyong kanilang magiging sagot.

Ngunit, sa atin, actually today, pagkatapos ng change of command ng CGPA ay magkakaroon kami ng command conference tungkol nga dito on how we will respond. But as you can imagine, ayokong pag-usapan ang operational aspects niyan.

But we continue to assert our sovereignty. We continue to assert our territorial rights in the face of all of these challenges and consistent with the international law and UNCLOS especially.

So, that has always been our stand. But we still have to keep communicating with the Chinese government, with President Xi, with Beijing. We still have to keep communicating with them because we need to really come to a conclusion.

Siyempre, ang position ng China, sinasabi nila: Kami ang may-ari nito kaya pinagtatanggol namin. Tayo naman, sinasabi: Hindi, kami ang may-ari nito kaya ipinagtatanggol namin.

Kaya't iyon ang nagiging gray area ngayon na pinag-uusapan. Kaya't kailangan natin… Buti na lang wala namang nasaktan, walang injury ngunit magkukulang ang resupply na dinala sa Sierra Madre ngayon kaya't kailangan natin isipin what we will do next.

MR. MAYRINA: Mr. President, pwede ko na rin pong isunod iyong tanong kung ano ho ang ini-report sa inyo ni dating Pangulong Duterte tungkol

sa naging pag-uusap nila ni President Xi? At bakit po naulit ang ganitong insidente?

[00:09:42]
**PRESIDENT MARCOS JR.:** I don't think it's related. I don't think this is related to his visit. Wala naman. Pinag-usapan lang kung ano iyong pinag-usapan nila. Nagkwentuhan sila. Of course, there are other things na napag-usapan which I think need to remain confidential. That's between President Digong and myself.

So, again, these are operational aspects of our military, of our Navy, of our Coast Guard kaya't mahirap masyadong pag-usapan. So, I hope you will indulge me there.

All right. Sige. Maraming salamat. Thank you.

SEC. GARAFIL: Thank you, Mr. President. Thank you Malacañang Press Corps.
[00:10:16]

*******